

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Humihingi ang Brampton ng suporta para sa dagdag na mga doktor sa panahon ng COVID-19 emergency

BRAMPTON, ON (Abril 8, 2020) – Sa pagpupulong sa araw na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang direksyon para makatulong na dagdagan ang kapasidad ng lokal na healthcare sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga doktor na kwalipikado, sinanay sa ibang mga bansa sa kanilang hiling na magtrabaho sa mga frontline sa panahon ng COVID-19 emergency.

Sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ang mga sulat na isinulat ni Mayor Patrick Brown at Konsehal Charmaine Williams sa Probinsya. Ibabahagi rin ng Lungsod ang panukala ng konseho sa mga munisipalidad at mga bayan sa buong Ontario na may hiling na sumuporta sa pamamagitan ng aksyon sa kanilang sariling mga sulat sa Ministro ng Kalusugan sa Ontario at sa Premier ng Ontario.

Wini-welcome ng Konseho ang anunsyo kahapon ng pamahalaan ng Ontario tungkol sa bagong online tool nito na tumutulong sa pagtugma ng mga skilled frontline worker sa mga employer at kinikilala na ito ay napakahalagang hakbang sa pakikipaglaban sa COVID-19.

Noong Marso 24, kasunod ng konsultasyon kasama ang Konseho ng Lungsod at sa rekomendasyon ng Emergency Management Team ng Lungsod, idineklara ni Mayor Patrick Brown ang State of Emergency sa Lungsod ng Brampton alinsunod sa Emergency Management Plan ng Lungsod. Mula noon, nagpapatuloy ang Lungsod sa paggawa ng mabilis at hindi pa nagawa dati na kilos para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad.

Mga Link

- [Marso 24, 2020 – Idineklara ng Lungsod ng Brampton ang State of Emergency bilang tugon sa COVID-19](#)
- [Abril 7, 2020 – Update ng Lungsod ng Brampton sa tugon sa COVID-19](#)

Mga Quote

"Sa buong probinsya at sa Brampton, may libo-libong mga doktor at nars na sa labas ng bansa nag-aral na handa at willing na sumali at sumuporta sa mga frontline sa COVID-19 emergency. Dahil patuloy na umaakyat ang bilang ng mga kumpirmadong kaso araw-araw, hindi natin kaya na hindi i-tap ang pangkat ng talento na ito – ito ay usapin ng pagligtas ng mga buhay."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ginawa ng Brampton ang pangunguna sa adhikain na ito. Tinatawagan natin ngayon ang ibang mga lungsod at mga bayan sa Ontario na sumali sa atin. Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagpapakita araw-araw para tumulong sa pandemic na ito ay karapat-dapat sa ating paghanga ngunit kailangan din nila ang ating tulong. Kailangang ibigay natin sa mga worker na ito ang suportang kailangan nila sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga doktor na kwalipikado, sinanay sa labas ng bansa na makasali sila sa mga frontline hindi sa mga sideline."

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 & 8, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca